Kasalukuyang Petsa: _____

Pangalan ng Tatanggap: _____
Address ng Tatanggap:

Numero ng Kaso ng CSE:
_____
Kustodial na Partido:
_____
Hindi Kustodial na Magulang:
_____
Numero ng Kaso ng Hukuman:
_____

Minamahal na _____:

Ang impormasyong ibinigay mo sa Family Violence Questionnaire (DCSS 0048) ay hindi detalyado para sa amin upang mapigilan namin ang pagpapadala ng impormasyon ng kaso ng suporta sa iyong anak sa pederal na pamahalaan, ayon sa iniaatas ng batas.

Upang ihinto ang paglabas ng iyong address o iba pang impormasyong nagpapakilala, dapat mong ibigay sa amin ang katibayan ng isa o higit pa sa mga sumusunod na impormasyon sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng liham na ito.

☐ Dapat ay nakakuha ka na dati ng restraining order, isang protective order, o isang stay away na kautusan laban sa kabilang partido sa kasong ito. Dapat kang magpadala sa amin ng kopya ng kautusan na ito o sabihin sa amin kung saan kami makakakuha ng isa. *(Pakisama ang numero ng kautusan/docket, ang petsa kung kailan ito isinampa, at ang pangalan ng korte kung saan ito isinampa).*

☐ Kung ikaw ay tumatanggap ng pampublikong tulong at nagpahayag ng "MABUTING SANHI" dahil sa banta ng karahasan sa pamilya mula sa kabilang partido sa kasong ito, at ito ay naaprubahan ng departamento ng kapakanan ng county o nakabinbin, dapat mong ipaalam sa amin.

☐ Dapat mo kaming bigyan ng mga detalyadong katotohanan na may mga dahilan kung bakit naniniwala ka na ang paglabas ng iyong address o iba pang impormasyong nagpapakilala ay maaaring magresulta sa pisikal o emosyonal na pinsala sa iyo o sa (mga) anak sa kasong ito. Kailangan mong magbigay ng mas detalyadong impormasyon kabilang ang mga petsa, oras, lugar, at posibleng mga saksi upang suportahan ang iyong paghahabol.

Dahil ang nakaraang Family Violence Questionnaire na iyong sinagot ay hindi nagbigay ng sapat na impormasyon sa (mga) bagay na nakatsek sa itaas, nagpapadala kami sa iyo ng isa pang blangkong form upang mapunan. Kung maaari kang magbigay ng mas kumpleto, detalyadong impormasyon sa talatanungan na ito sa loob ng 30 araw pagkatapos ng petsa ng liham na ito, ikalulugod naming suriin ang iyong kahilingan.

Mangyaring makipag-ugnay sa amin sa (866) 901-3212 kasama ang numero ng kaso sa itaas kung mayroon kang anumang mga katanungan.

Taos-puso,

Pangalan ng Manggagawa: _____

Ranggo ng Manggagawa: _____

Nakalakip